

2020.7.31 (Unang Publikasyon)

2020.8.7 (Rebisyon)

Gifu Prefecture COVID-19 Response Headquarters

“Emergency Measures laban sa 2nd Wave”**1. “2nd Wave” COVID-19 State of Emergency**

- Ang “2nd Wave” ay narito na
 - Tumataas ang PCR test positive rate.
- **Ang mga impeksyon ay kadalasang nangyayari sa mga restawran na nag-aalok ng mga inuming alak sa Aichi Prefecture, lalo na sa Nagoya.**
 - 60% ng mga taong infected sa prepektura ay mula sa Aichi Prefecture.
 - 70% ng mga infected sa Aichi Prefecture ay nagmula sa mga restawran na nagsisilbi ng alak, tulad sa mga downtown clubs at bars.
- **Biglaang pagtaas ng impeksyon sa mga “kabataan”, sunud-sunod na paglitaw ng “school cluster”.**
- **Sa mga impeksyon sa dayuhang mamamayan, mataas ang hawaan sa magkapamilya.**
 - Lumawak ang pagkalat ng impeksyon sa mga lugar na parating ginagamit ng mga dayuhang mamamayan.
 - Tumaas ang bilang ng hawaan sa mga kapamilya at kamaganak.
- **Mga dapat alalahanin sa pagkalat ng impeksyon mula sa mga kabataan hanggang sa matatanda**
 - Ang pagdami ng impeksyon sa matatanda ay mabilis na magdudulot ng problema sa mga medical institutions. (Panganib ng pagtaas ng bilang ng mga malulubhang kaso).
- **Ang pagdami ng aktibidad ng mga tao sa hinaharap**
 - Nitong opisyal na “summer vacation”

2. Emergency measures (All Gifu)**(1) Mensahe sa mga Mamamayan ng Prepektura**

- **Iwasan kumain at uminom ng may alak sa Aichi Prefecture, lalo na sa Nagoya**
- **Lubos na pagiingat sa summer vacation ng mga paaralan at *obon yasumi***
 - Ang Health Check Card ay gagamitin ng mga estudyante para i-manage ang pisikal na kondisyon araw-araw.
 - Ang mga magulang ay kukumpirmahin na ginagawa ng mga estudyante ang tamang aksyon para maiwasan ang impeksyon.

- Mahigpit na pagsunod ng mga teaching staff sa infection control measures at pagreport ng anuman tungkol sa kanilang pisikal na kondisyon.
 - Iwasan pumunta sa lugar na magsisiksikan ang mga tao o matataong lugar tulad ng mga salu-salo, party, karaoke, atbp., lalo na ng mga university students.
 - Magingat kapag lumalabas ng prepektura o pumupunta sa mga lugar kung saan lumalawak ang impeksyon, lalo na sa Aichi Prefecture.
 - Kapag bibisita sa mga kamaganak nitong bakasyon, ingatan ang inyong kalusugan at isaisip ang bilang ng impeksyon sa pupuntahang lugar.
 - Alamin ang mga paraan upang maiwasan ang hawaan sa loob ng pamilya. Lalong ingatan na hindi mahawa ang mga matatanda.
- **Lubos na Pagpapatupad ng Basic Measures para maiwasan ang impeksyon**
- “Social Distancing”, “Paggamit ng Mask”, “Handwashing”
 - Umiwas sa 3 M’s (Masikip, Matao, Malapitang Pag-uusap) na lugar
 - Iwasan ang malaking grupo na nag sasalu-salo, o mga lugar na walang bentilasyon at gagawa ng nakakahingal na aktibidad tulad sa gym, atbp.
 - Self-monitoring ng kondisyon araw-araw. Kung hindi maganda ang pakiramdam, huwag lumabas.
 - Magrehistro at gamitin ang “QR Code Infection Alert System” ng Gifu at “COVID-19 Contact-Confirming App (COCOA)” ng gobyerno ng Japan.
- **Mahigpit na Pagsunod sa Behaviour Guidelines**
- Kung nagkaroon ng infected na tao dahil sa isang pasilidad na hindi lubusang nagpapatupad ng mga hakbang sa pag-iwas sa impeksiyon, ang pangalan ng pasilidad ay isisiwalat sa publiko at gagawa ng on-site inspeksyon batay sa Infectious Diseases Control Law.
 - Alinsunod sa special measures law, mauutusan na pansamantalang magsara at ‘industry guidance’ sa mga pasilidad kung saan naganap ang cluster.
 - Aktibong pag-dikit ng mga “Preventive measures in progress” stickers, at pagrekomenda ng mga pasilidad na mayroong stickers (mailalathala sa Prefectural homepage, magazines at websites)

(2) Suporta sa mga Dayuhang Mamamayan ng Prepektura

- **Masusing pagimbistiga sa ruta ng impeksyon at pagbigay ng impormasyon**
- Magkaroon ng mga volunteer interpreters, atbp. na makakatulong sa pagtawag pansin sa pag-iwas ng impeksyon at pagimbistiga sa

pamamagitan ng pagiging maayos na tagapamagitan ng mga taong nahawaan at kanilang 'close contacts'.

○ **Lubos na pagpapatupad ng pag-iwas sa impeksyon**

- Lubusang pagpapa-alam sa mga komunidad at lugar na pinupuntahan ng mga dayuhang mamamayan tulad ng mga simbahan ng paggamit ng face mask, pagiwas sa pagsalu-salo ng madaming tao, at pag-sanitize ng mga kamay.
- Paglathala ng mga multi-lingual pamphlets, at pagpamahagi nito sa kumpanyang may mga empleyadong dayuhan tulad ng mga organisasyon na nangangasiwa sa mga technical interns, atbp.
- Pagpapalawak ng pagbigay ng pampublikong impormasyon sa social media at iba pang paraan (habang iniwasan ang pagbuo ng diskriminasyon o hindi makatarungang akala sa mga dayuhang mamamayan)